**AP 5 Reviewer**

Write the letter of the correct answer.

1. Ito ay isang paliwanag galing sa mga siyentista patungkol sa isang penomena o pangyayari na itinuturing bilang tama na maaaring gamitin bilang isang paliwanag o prediksyon.

a. Mito b. Teorya c. Relihiyon d. Pamahiin

2. Ayon sa teoryang ito, ang Pilipinas ay nabuo bunsod ng pagputok ng mga bulkan sa ilalim ng karagatan.

a. Teoryang Continental Drift b. Teoryang Bulkanismo c. Teoryang Volcanic Drift d. Teoryang Tulay na Lupa

3. Sinasabi sa teoryang ito na dumating sa bansa ang pangkat-pangkat na mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng Asya.

a. Teoryang Nusantao b. Teoryang Wave Migration c. Teoryang Tulay na Lupa d. Teoryang Austronesyan

4. Ang teoryang ito ay mula sa salitang Austronesyan na "nusa at tao" na ang ibig sabihin ay tao mula sa timog. Sinasabi pa na ang pakikipagkalakalan ang pangunahing dahilan ng kanilang pagpapalawak ng teritoryo hanggang sa nagkaroon ng pakikipag-kasunduan, kasalan at migrasyon ng mga tao sa Timog-Silangang Asya hanggang sa makarating sa Pilipinas.

a. Teoryang Nusantao b. Teoryang Wave Migration c. Teoryang Tulay na Lupa d. Teoryang Continental Drift

5. Sinasabi sa teoryang ito ang paggalaw ng pangaea o isang malaking masa ng kalupaan ng daigdig 240 milyong taon na ang nakalipas na naging dahilan sa pagkabuo ng Pilipinas at ng iba pang mga bansa.

a. Teoryang Continental Drift b. Teoryang Bulkanismo c. Teoryang Volcanic Drift d. Mitolohiya

6. Ilang ang kabuuang isla ng Pilipinas?

a. 7,641 islands b. 7,471 islands c. 7,771 islands d . 7,164 islands

7. Ang Pilipinas ay nasa Pacific Ring of Fire kung saan madalas ang ________at ________

a. Baha at Sunog b. Lindol at Bagyo c. Aktibong Bulkan at Baha d. Lindol at Aktibong bulkan.

8. Sa mitolohiya anong uri ng halaman ang pinagmulan ni Malakas at Maganda?

a. Puno ng Niyog b. Sampaguita c. Kawayan d. Puno ng saging

Answer the question:

Alin sa mga teoryang pinagmulan ng lahing Pilipino ang sa tingin mo ay may pinakamatibay na ebidensya? Ipaliwanag ang iyong sagot at talakayin kung paano nakakaapekto ito sa ating pagkaunawa sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

LIVEWORKSHEETS